UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

AMG Ang Bayan

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

AGOSTO 1984



Malawakan at militanteng ginunita ng taumbayan ang unang anibersaryo ng pagpatay ng diktadurang US-Marcos kay dating Senador Benigno Aquino Jr.

Tinatalakay sa isyung ito ng Ang Bayan ang asasinasyon sa konteksto ng kabuuang pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa diktadura, at para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Ang paggpatay ay madugong krimen ng rehimen na umapekto nang malaki sa salaring pangkatin at sa lahat ng iba pang pwersang pampulitika sa Pilipinas. (Basahin sa pahina 3.)

NILALAMAN

Balita 2

Pagkatapos ng asasinasyon 3

Tungkulin at pwersa 6

Digmang bayan sa Samar 9

Kalayaan sa pamahayagan 13

IMF 16

Internasyonal 20

Sulat 21

Mga bangko, nagsasara

Nagsasara ang maraming bangko dahil sa pagkasaid ng pondo at pagkalugi. Hindi matugunan ng mga ito ang pagbayad sa mga depositor na dumadagsa para kunin ang kanilang pera. Ang problema ng mga bangko ay bahagi ng krisis sa ekonomya na ngayon ay sumasalanta sa Pilipinas.

Mula Mayo hanggang Hulyo, 15 bangko ang opisyal na nagsara. May mga bangkong hindi pa opisyal na nagsasara, tulad ng Development Bank of Rizal, ngunit ayaw nang magbayad sa mga depositor na bumabawi sa kanilang pera. Isa rin dito ang Banco Filipino na ginipit sa layuning maangkin ng pangkating Marcos. Napilitan din ang diktadura na iligtas ito (habang ipinupursigi ang natukoy na layunin) upang pigilin ang gumuguhong tiwala ng mga mamamayan sa buong sistemang pinansyal sa bansa. Nang magsara nang ilang araw ang BF, lalong lumala at lumaganap pa sa ibang bangko, pati sa mga bangkong rural, ang sabay-sabay na maramihang pag-aatras ng deposito.



Marami ang galit na galit sa takot na mawala ang impok nila. Nangako ang diktadura, sa pamamagitan ng Philippine Deposit Insurance Corporation o PDIC, na tutuparin ang tungkulin nitong bayaran ang deposito ng mamamayan. Gayunpaman, maraming masalimuot na rekisito ang itinatakda nito sa pagbabalik ng mga deposito, maliban pa sa P40,000 lang ang maksimum na maibabalik sa bawat depositor ng bawat bangko na nagsasara. Wala pang resulta ang pangako ng diktadura.

Ang pagkasaid ng idineposito ng pondo (liquidity problem) at pagkalugi (insolvency) ay dulot ng pamumuhunan ng mga bangko sa mga negosyong hindi kumita kundiman ganap na nalugi; may mga negosyante namang ang kapital na inutang sa bangko ay hindi mabayaran dahil sa pagkalugi rin ng kanilang negosyo.

Isa pa, obligado ang mga bangko na maglagak sa Bangkong Sentral ng 24 na porsyento ng kabuuang deposito sa kanila. Naghihigpit ngayon ang Bangkong Sentral sa pagsasauli ng mga depositong ito sa mga bangkong nangangailangan. Pagsunod ito sa atas ng IMF na bawasan ang sirkulasyon ng pera sa bansa bilang isa sa mga kundisyon ng $650-milyong pautang na ibinibitin nito.

Walang sapat na depositong pondong hawak ng mga bangko mismo, at nang magdagsaan ang mga depositor para iatras ang pera nila, walang maibigay ang mga bangko at sila'y nagsasara.

Ang implasyon naman ang dahilan ng maramihang pag-aatras ng deposito. Umakyat na sa halos 50 porsyento at tiyak na lalala pa dahil sa patuloy pagtaas ng presyo ng gasolina. Halos di na kumikita ang perang nakadeposito sa bangko kung ihahambing ang liit ng interes nito sa bilis ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Minabuti ng marami na maging praktikal: kunin ang impok sa bangko, bumili ng mga pangangailangan at magimbak; ang iba'y naghanap ng kikitain nilang tiyak at ligtas na negosyo.

Dagdag pa, marami at patuloy pang dumarami ang nawawalan na ng tiwala sa sistema ng pagbabangko. ●

Mana pahina 19 ang iba pang balita.

Ang Bayan — Taon 18 Bilang 6 Agosto 1984

Pagkatapos ng asasinasyon

Isang taon ng pagdaluyong

Isang taon na mula nang ipapatay ng pasistang diktadurang US-Marcos ang dating Senador Benigno Aquino Jr. noong Agosto 21, 1983. Kung tutuusin, maikli lamang ang isang taon sa kasaysayan ng Pilipinas, o ng iba pang bansa. Pero ang nakaraang taon ay lipos ng mahahalagang pangyayari na nagpapabilis sa guilong ng kasaysayang Pilipino. Sa mga pangyayaring ito, malaki ang nalambag ng asasinasyon.



Mastong tingin sa asasinasyon

May dalawang magkasalungat na pagtingin sa asasinasyon, at kapwa mali ang mga ito.

Ayon sa unang pagtingin, ang asasinasyon ang "gumising sa mamamayan," na para bang nahihimbing nga ang mamamayan nitong nagdaang mga taon. Ang implikasyon nito ay kung hindi pinatay ng diktadura si Aquino, tuloy pa rin ang mamamayan hanggang ngayon. Batay naman sa pangalawang pagtingin, malit lang ang kabuluhan ng asasinasyon sa kabuuan ng pakikibakang anti-diktadura. Ang implikasyon: kahit hindi ipinapatay ng diktadura si Aquino, ang dinamiko ng mga krisis sa pulitika at ekonomya, at ang mabilis na polarisasyon ng lipunang Pilipino, ay magluluwal din ng parehong epekto--ang pagragasa ng pakikibakang anti-diktadura sa lalim at saklaw na hindi pa nasabot sa nakaraan.




Hindi totoo na "nahihimbing" ang mamamayang Pilipino mula noong 1972, nang ipatay ng pangkating US-Marcos ang pasistang paghahari diktador sa bayan. Liban na lang sa imperyalismong US at ang pangkating Marcos ng malalaking burges na kumprador, pangingoong mayyupa at burukrata, naperwisyo ng paghahari ito ang buong bayan. Matindi ang paghihirap ng batayang masa ng manggagawa at magsasaka; mabigat din ang tama sa maliliit na pro-

petaryo at mga intelektwal na bumubuo sa petiburgesya at pambansang burgesya.

Sa pagdaan ng mga taon mula 1972, buong kagitingang ibinubunsod ng mamamayan ang pakikibaka laban sa pasistang diktadura--sa larangang armado at maging sa hayag na kilusang masa. Sa pakikibakang ito, may mga organisadong kilusan at may mga pagkilos na ispontanyo. Ang Partido Komunista ng Pilipinas ang nagbigay ng pinakawasto at pinakamatatag na pamumuno sa pakikibakang ito.

Ang dugong kusang inialay ng libulibong myembro ng Partido, Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, aktibista at kasapi ng mga organisasyong pambansa-demokratiko, at iba pang mamamayan, ay di mabuburang patunay na lumalagablab sa dibdib ng mamamayang Pilipino ang diwa ng paglaban sa pagsasamantala at pangaapi. Libu-libong iba pa--myembro man o hindi ng Partido, ng BHB o ng kilusang pambansa-demokratiko---ay nilagatan ng karumaldumal na tortyur, at ang marami sa kanila ay nakapiit pa sa mga bilanguan ng diktadura.

Noong bisperas ng asasinasyon kay Aquino, mabilis ang proseso ng polarisasyon sa lipunang Pilipino bunga ng krisis



sa pulitika at ekonomya na walang tigil na lumalala mula 1972, at lalung mula 1981. Mula 1981 hanggang kalagitnaan ng 1983, mabilis na umigting ang armadong pakikibaka. Sumusulong din ang hayag na kilusang masa at tuluy-tuloy na lumalawak ang pambansang nagkakaisang prente laban sa diktadura.

Mula 1972, kailanman ay hindi "natutuliog" ang bayan. Kung noong unang hati ng 1983, ang marami ay hindi pa nasabot,

namumulat, naoorganisa at napapakilos ng partido at pwersang pinamumunuan nito, at dahil ng ibang kilusang antidiktadura, patindi nang patindi ang kanilang pagngingitngit. Naghihintay lang silang maorganisa't mamobilisa.

Sa kabilang panig, mali ring sabihing malit lang ang kabuluhan ng asasinasyon, at sukdulang kalabisan na kung sabihing mala itong katuturan. Pinakamahusay na patunay ang milyun-miliyong namamayang nagsilabasan sa tahanan para sa kanyang libing at para lumahok sa naglalakihang mga aksyong masang kasunod ng asasinasyon.

Bakit walang ganyang pagpapahayag ng galit ang mamamayan kapag ang dinadanas ng rehimen ay mga welgista sa piketlayn? Bakit walang ganyang laki ng aksyong protesta kung may sinasalbeyds na istudyante o minamasaker na mga magsasaka?

Mayroon ding mga kahinaan si Aquino. Tinatanggap ito ng kanyang pamilya. Pero si Aquino ay tinitingala rin ng maraming tao dahil sa kanyang matatag at di mapagkompromisong paglaban sa pasistang diktadura. Kung sumuko lamang siya kay Marcos na dati na niyang karibal sa pulitika, maaaring napasakanya ang kapangyarihan at pribilehiyo, gaano man kalimitado.

Pero hindi. Pinili niyang maghirap sa mga bartolina ng diktadura nang halos walong taon, at tatlong taong pagkadestyero (exile) sa United States, sa halip na lumuhod sa tirano. Nang papauwi na siya noong 1983, alam niyang nanganganib ang kanyang buhay; sa pinakamenos, ibabalik siya sa bartolina o ilalagay sa house arrest.

Pero hinarap niya ang banta ng diktador, nakipagsapalaran, at ipinaberi nga siya sa airport, sa patraydor na paraan. Sa maraming tao, lalung sa mga panggitna't kaliwa sa nakakatanda ng mga sarap ng lipunan na malakas na kapangyarihan ni Aquino, siya ay isang martir at bayani ng patuloy na pakikibaka laban sa diktadura. At sa kanilang pagkilos, higit na lumaki ang mga aksyong protesta pagkatapos ng asasinasyon.

Ang isa pang salik kung bakit naging napakamakabuluhan ng asasinasyon ay ang agad na pagkakalagay ng rehimeng Marcos sa depensibong pusisyon. Nakaalpas si Marcos at mga galamay niya sa mas maduduo't mabibigat pang krimen, pero natiyak nila, nang makitang sumasaboy ang galit ng mamamayan, na hindi ordinaryong krimen ang kanilang nagawa.



Epekto ng asasinasyon

Ang asasinasyon ay nagpaliyab sa galit ng mamamayang Pilipino at [illegible] ng mamamayan sa ibang [illegible] ng daigdig. Sa Metro Manila at iba pang dako ng kapuluan, milyun-milyong mamamayan ang humugos sa lansangan para ipahayag ang kanilang galit. Naglunsad din ng malalaking aksyong protesta ang mga kabataang nasa [illegible] at mga kaibigang dayuhan doon. Nagpahayag ng matinding pagkabahala [illegible] ng mga gubyernong dating mapagkaibigan sa rehimeng Marcos, at dumistansya sila rito.

Sukdulan ang pampulitikang pagkakahiwalay ng rehimeng Marcos. Dumistansya rin [illegible] ang mismo nito, ang imperyalismong US. Pero sa maraming mamamayang Pilipino, ang imperyalismong US na kinakatawan ng administrasyong Reagan ay kasama sa pagkakahiwalay ng papet na rehimen. May pananagutan din ang imperyalismong US dahil ito ang numero-unong tagasuporta't tagakunsinti ng rehimen.

Nagulo ang buong pulitika ng Pilipinas. Wala na [illegible] isang pampulitikang pwersa na hindi nagpektuhan ng mga pangyayari. Mabilis na kumilos ang kilusang pambansa-demokratiko para pagkaisahin ang bagong [illegible] mga elemento't grupo, at nagbigay ito ng tamang direksyon ng pagkilos. Nabuo ang mga alyansa, organisasyon at grupo, at ang mga ito ay nagbigay ng lalim at lawak na hindi pa dating naaabot.

Sa kabilang panig, unti-unti nakatali ang mga kamay ng rehimeng Marcos. Nanakot

at nanuyo, at gumamit pa nga ng dahas sa tgeokang mapanghawakan ang sitwasyon, pero nabigo ito. Di nagiam, sinunggaban nito ang eleksyon para sa inutil na Batasang Pambansa na nakatakda na para sa Mayo 14, 1984. Muling nagsabwatan ang rehimen at mga amo nitong imperyalista ng US; inilako nila ang eleksyon bilang malaking hakbang daw tungo sa pagpapanumbalik ng demokrasya sa bayan.

Bago pa ng asasinasyon, nagpepiano na ang mga burges-reformistang oposisyonista na lumahok sa eleksyon para sa inutil na Batasang Pambansa. Totoong naggigit sila sa rehimen ng mabibigat na kundisyon para sa kanilang paglahok, pero ito ay sa diwa lamang ng pakikipagtawaran sa rehimen.

Pagkatapos ng asasinasyon, tinangka nilang sumakay sa rumaragasang kilusang antidiktadura. Ang kanilang pagsama sa kilusang ito ay nagkaroon ng dalawang epekto: nakapagpalawak pa sa prenteng antidiktadura; at kasabay nito, tumalong pero ~~muling~~ buhayin ang kanilang mga organisasyon. Ang huli'y dahil nasobliga silang magsilabasan, at kung hindi ay maiiwanan sila ng kasaysayan.

Sa kalagayang ang bawat pwersang pampulitika ay obligadong ilabas ang kanyang programa sa malao't madali, inilabas ng mga burges-reformistang oposisyonista ang kanilang baraha: partisipasyon sa huwad na eleksyon para sa huwad na Batasang Pambansa. Sa gayon, nalantad ang kanilang oportunismo.

Habang nagmamaniobra ang mga burges-reformista para sa sariling kapakanan, lumitaw ang natatanging tendensya sa hanay ng iba pang mga kaaway ni Marcos sa pulitika. Itinatanguyod nila ang liberal-demokrasya at higit pang lumayo sa rehimeng Marcos at papalapit naman sa kilusang masang antipasista at anti-imperyalista. Kahanay ng mga liberal na demokratang ito ang mga bagong umaaktibong pwersa, lalung iyong nagmula sa pambansang burgesya at petiburgesya.

Aktibong lumahok ang mga liberal na demokrata sa kilusang bayang nagboykot sa eleksyon ng Mayo 14, at sa kasumod na panahon, patuloy silang sumusporta at lumahok sa mga pakikibakang masang antipasista at anti-imperyalista.

Malaki ang epekto ng asasinasyon kay Aquino sa pulitika ng bansa; mabigat din ang tama nito sa ekonomya.

Pagkatapos na pagkatapos ng asasinasyon, habang sumusulong ang malawak na prenteng antidiktadura, nagpuslit ng milyun-milyong dolyar mula sa Pilipinas ang maraming myembro ng pangkating Marcos. Lumiban din ang maraming namumuhunang Amerikano at iba pang dayuhan; hindi na nagtuloy ang iba pang gusto sanang mamuhunan dito.

Dinugo nang dinugo ang pambansang ekonomya na bago pa man ang asasinasyon ay bangkrap na at babagsak na lang. Higit pang lumala ang krisis sa ekonomya bunga ng pagpupuslit ng dolyar sa labas. Pansamantalang nakaraos ang ekonomya bunga ng tulong mula sa imperyalismong US, imperyalismong Hapones, at sa mga gubyernong mapagkaibigan sa rehimen.

Gayunma'y nananatiling naghihingalo ang pambansang ekonomya. Ang "tulong" na pinakahihintay ng rehimeng Marcos mula sa mga imperyalista ng US na amo nito--higit at higit pang pautang--ay magpapalala lamang sa problema pagdaan.

Winaharap

Ang grabeng krisis sa ekonomya at sa pulitika na ~~sanhi~~ likha ng diktadurang US-Marcos ay mabilis na nagpapalala sa isa't isa, isang taon pagkatapos ng asasinasyon kay Aquino.

~~Pagkatapos ng~~ panahong halos hindi makakilos pagkaraan ng asasinasyon, ang diktadura ay buong bangis na sumalakay na naman sa malawak na prenteng antidiktadura, sa mga kalunsuran at ~~sa~~ kanayunan.

Gayunman, nahusay na hinaharap ito ng Partido at mga pwersang pinamumunuan nito, at ng iba pang mga pwersang progresibo. ~~Kaya't~~ pa, patuloy nilang isinusulong ang pakikibaka, sa armadong larangan man o sa larangan ng hayag na kilusang masa. Ang sitwasyon ay nagbibigay din ng napakainam na pagkakataon para higit pang konsolidahin at palawakin ang pambansang nagkakaisang prente laban sa diktadura.

Buong sigasig na itinataas ng Partido, hukbong bayan at buong kilusang pambansa-demokratiko ang kamulatang pampulitika ng mamamayan, mula sa antas na purong

> "(Kung) ang masa lamang ang aktibo at walang malakas na namumunong grupong nag-oorganisa ng kanilang aktibidad, kung di nagsusulong ng matagal, o maisusulong sa tamang direksyon, o patatangay sa matataas na antas."
>
> Mi malalao ang
>
> MAO ZEDONG
> "Ilang Usapin ng Pamamaraan ng Pamumuno" (Hunyo 1, 1943). Mga Piling Akda, Tomo III.

antipapista tungo sa antas na anti-imperyalista. Malaki ang ibinubunga ng pagsisikap na ito. Mabilis ding nakokonsolida ang mga samahang masang sektoral at multisektoral, at higit silang militante kaysa dati.

Sa Mindanao, madalim ang kinabukasan ng diktadura. Maaliwalas naman ang kinabukasan ng mamamayang Pilipino. Dito'y malaki ang papel ng asasinasyon kay Aquino. Pinabilis nitó ang pagsulong ng sambayanang Pilipino sa ganap na tagumpay.

Habang ginugunita ng pangunahing mga pwersa ng prenteng antidiktadura ang

sekretaryo ng dating Senador Aquino at muling nakikiramay sa nagdadalamhati niyang pamilya, muling ipinapahayag nila ang di matitinag na determinasyon na wakasan na ang diktadurang kanyang nilabanan hanggang sa ialay ang mismo niyang buhay.

Nang nabubuhay siya, si Aquino ay itinuturing ng rehimeng Marcos na panganib sa tibay nito sa kapangyarihan, na malaki siyang problemang dapat nang iligpit. Pero sa pagpatay nito kay Aquino, lumikha ang rehimeng Marcos ng mas malaking problemang hindi nito kayang lutasin. ●

Napakaraming tungkulin, Napakaraming pwersa!

Walang kasimbilis na sumusulong ang rebolusyon sa sitwasyong walang kagingimbal. Napakaraming dapat gawin. Pero mayroon bang sapat na pwersa para gampanan ang mga gawaing ito at gampanan nang mahusay? Isa itong mainit na usaping praktikal para sa rebolusyonaryong kilusan.

Pundamental na papel ng Partido

Minsa'y sinabi ni Lenin na ilang dosena lang ng mga propesyonal na rebolusyonaryo ay kaya nang baliktarin ang buong Rusya. Ayon naman kay Mao, ang kailangan lang niya'y isa o dalawang-daang rebolusyonaryong may tunay na pagkagagap sa Marxismo-Leninismo para mas mabilis na magapi ang mga mananalakay na Hapones.

Saan nakabatay ang ganitong sukdulang rebolusyonaryong kumpyansa? Nakaugat ito sa walang pagkatinag na pananalig sa napakapasyang papel ng wastong pamumuno ng Partido, sa lubos na pagtitiwala sa kakayahang magrebolusyon ng mamamayan sa ilalim ng wastong rebolusyonaryong pamumuno.

Sa kaibuturan, ang esensyal na punto sa nabanggit na usapin ay ang pagsapol sa pundamental na papel ng Partido sa rebolusyon--ang pagtatakda ng wastong pamumunong pampulitika at pang-ideolohiya sa rebolusyonaryong pakikibaka ng masa.

Sa bawat araw, inilulunsad ng rebolusyonaryong sitwasyon ang maraming rebolusyonaryong pwersa. Subalit di iilang kasama ang dumaraing pa rin sa kasalatan ng pwersa o kakulangan ng kakayahan ng

mga ito. "Maraming pwersa, subalit kulang sa pwersa!" ika'y palaisipang ang solusyon ay nasa pagsapol sa pundamental na papel ng Partido, pagpapahusay sa sining ng pamumuno sa masa.

Sa tanong na nasaan ang mga rebolusyonaryong pwersa, ang sagot ay nariyan ang bata-bataliyong pormasyon ng mga pambansa-demokratikong aktibista na taun-taong nabubuo mula sa dibi-dibisyong hanay ng disgustadong mamamayang nakikibaka sa diktadura. Sila ang mga panagupang tropa ng rebolusyon sa larangang pampulitika, ang higanteng pwersang kabilkat ng Partido sa pagrerebolusyon. Ang Partido'y pangunahing umaasa sa mga abanteng elementong pampulitikang ito sa pag-akay sa mayorya ng mamamayan sa rebolusyonaryong landas.

Ang pundamental na tungkulin ng Partido ay ang siling pamunuan at sa batayan nito, ampanghabs na dmasa sa kanilang rebolusyonaryong kakayahan. Ang kinakailangan ay bigyan ng lubos na kaganapan ang kanilang rebolusyonaryong potensyal, panalagahan ang kanilang kasiglahan, largahan ang kanilang inisyatiba, at kargahan sila ng mas maraming responsibilidad. Di ito nangangahulugang gagaan ang responsibilidad ng mga kadre ng Partido. Subalit, bibigat pa! Subalit bibigat sa tamang direksyon--sa pagtutuon sa sining ng pamumuno.

Sigwa ng 1970-72

Ang sigwa ng 1970-72 ay makasaysayang karanasan kung paano ginampanan ng Partido ang sining ng pamumuno at kung paano ipinamalas ng mga aktibistang masa ang kanilang rebolusyonaryong kakayahan. Sa kabila ng kalitan pa noon ng Partido,



magawa nitong pasiklabin at pamunuan--sa tradisyon ng 'liang dosenang propesyonal na 'rebolusyonaryo' ni Lenin--ang sigwang ito na yumanig sa buong lipunan at nagpakilos sa iliandang libong mamamayan sa rebolusyonaryong paraan.

Umaapaw noon ang inisyatiba't enerhiye ng mga pambansa-demokratikong samahan sa pagpapalaganap sa' ating pangkalahatang linya; nagbubuo't nagpapalawak sila ng mga balangay sa--iba't ibang dako ng bansa; ang mga balangay na ito'y sayroong sariling mga ~~pahayagang pampulitika~~, may mga umaandar na maktinaryang pang-organisasyon, nagdaraos ng mga regular na pag-aaral, naglalabas ng sariling mga polyeto, nagiiyunsad ng mga lokal na mobilisasyon, nagpaparami ng mga rebolusyonaryong babasahin, aktibo sa pagsalo sa mga ispontanyong pakikibakang masa at maraming iba pa. Masa unahan din sila ng pagsuporta sa armadong pakikibaka. Marami sa kanilang mga sulong na aktibista ay kabilang sa unang mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Mahusay na ginampanan ng muling tatag na Partido ang pundamental na papel nito sa pamumuno ng pampulitika at pangideolohiya--sa pagpapalaganap sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong; pagsubaybay sa pagpapatupad sa pangkalahatang linya ng Partido; paglalabas ng napapanahong mga pagsusuri't patakaran; pagkilos sa pangkalahatang pagsusulong sa pakikibaka sa mga lunsod at kanayunan; pagdidilin sa gawaing edukasyon; pagpapalapok sa pagkilos sa rebisyonismo't reformismo, pagwawasto sa mga muling tumutubo; pagbubuo ng mga organisasyon ng Partido at pagrereklut ng mga bagong kasapi; at iba pa.

Sa pamamagitan nito, ang rebolusyonaryong kakayahan ng mga pambansa-demokratikong samahan ay mahusay na napaunlad at mabisang nakapagpalalsga sa kanilang rebolusyonaryong inisyatiba. Sa gayong paraan, ang mga kadre ng Partido ay nailibre para sa mas saligang responsibilidad ng pamumuno at pag-aaruga sa ibang prayoridad na gawain.

Nang ipatow ang pagbabalik militar, pinuntirya ng marahas na panunupil ang mga samahang ito. Nagsimula silang kumilos nang lihim. Sa mga lunsod, kumitid ang kanilang larangan ng aktibidad dahil sa malawak na panunupil sa ligal na pakikibaka. Di nagtagal, ganap nang niluwag ang mga ito bilang pag-angkop sa umiiral na kalagayan. Binuo na lang ang maliliit at hiwa-hiwalay na mga lihim na grupong unod na lalong nagpakitid sa pang-organisasyong batayan ng inisyatibang masa. Sa kabila ng lahat ng kahirapan, ang mga aktibistang masa ay nanatiling matatag na kabalikat ng Partido sa paganap sa mga rebolusyonaryong tungkulin, mayamang bukal ng mga proletaryong rebolusyonaryo, at pinakamabisang transmisyon belt o daluyan ng pamumuno ng Partido tungo sa malawak na masa.

Sa kanayunan, namumukod sila sa pagpapalawak at pagpapatatag ng mga larangang gerilya. Malawak ang inilusob sa kanila sa pagbubukas ng mga bagong baryo't bayan at kahit mga bagong larangang gerilya, laluna sa pagbubuo ng mga saligang organisasyong masa. Sa armadong pakikibaka, sila ang bumubuo sa bulto ng mga yunit militya na reserbang pwersa ng mga yunit pangmang pormasyon ng hukbong bayan at pangunahing gumaganap sa gawain sa paniniktik, komunikasyon at suplay.

Sa muling pagragasa ng kilusang masa sa mga lunsod, muling binuo ang mga pambansa-demokratikong samahan. Sa lumipas na tatlong taon, laluna matapos ang assasinasyon kay Benigno Aquino Jr., bumilis ang bwelo ng pagsulong ng mga ito kasagpay sa kumpas ng panahon.

Sa maraming paraan, nalampasan na ng kasalukuyang henerasyon ng mga aktibistang masa ang antas na narating ng mga aktibistang masa noong siglo ng 1970-72. Lalung-lalo sa punto ng disiplina, lalim ng kaalaman, pagsapol sa saligang linya't mga taktika ng Partido, at kapangahasan, pagkakapanday at kasigasigan. Gayunman, di pa rin napapariwan ang penomenal na sigwa ng rebolusyonaryong inisyatiba at pagkamapanlikhain ng mga aktibistang masa at mga samahan nila sa panahong iyon ng makasaysayang pagbabagon. Kung sumapit na ang panahon para pantayan at lampasan ang antas na ito ng rebolusyonaryong enerhiya sa bago't mas mataas na anyo na angkop sa umiiral na kalagayan.

Kailangan lamang ibayo pang paunlarin ang giting ng pamumuno ng Partido, bigyang-diin ang pundamental na papel nito sa kilusang masa, at pangibabawan ang mga umiiral na kahinaan kaugnay nito. Nariyan pa rin ang tendensya ng ilang kadre sa labis na pag-ako ng mga responsibilidad na dapat ipagkatiwala na sa mga aktibista, habang ang mga aktibista nama'y labis na sumasandig sa mga kadre. Ang lagi't labis na pakikialam ng ilang kadre sa mga pang-aktibistang pagkilos ay ekstensyon ng tendensyang ito at maaaring makapagbigay ng maraming negatibong epekto. Sa kanayunan, nariyan ang tendensya ng mga aktibistang masa na umasa sa Partido at hukbo sa paglutas kahit ng mailiit na problema sa lokalidad.

Ang ilang pamamaraan ng pagkilos, na nakagawian na ng ilang kadre, ay minana pa sa mga taong ang proporsyon ng mga kasapi ng Partido sa mga aktibistang masa ay halos pantay; noong ang umiiral na porma ng organisasyon, lalung sa mga lunsod, ay mga lihim na grupong ubod; noong ang mga kadre mismo ay obligadong umako ng malaking responsibilidad ng pag-uugnay-ugnay sa hiwa-hiwalay na mga grupong ubod at pangangasiwa sa aktibidad ng mga ito. Ito ang pangunahing ugat ng kasalukuyang mga tendensya ng mga kadre sa labis na pag-ako ng responsibilidad ng mga aktibistang masa, at sa labis na pagsandig ng tuli sa una.

Pamamaraan ng pamumuno

Ang pinakasaligang prinsipyong gumagabay sa pamamaraan ng pamumuno ng Partido ay ang linyang pangmasa. Sa pamumuno sa mga aktibista, nangangahulugan ito ng lubos na pagtitiwala sa kanilang kakayahan at inisyatiba at ang pagsisikap ng mahusay na pagganap ng mga kadre ng Partido sa kanilang pangunahing responsibilidad ng rebolusyonaryong paggabay.

Isang paraan ng pagsasagawa nito ang sistematikong edukasyon at pag-iimpluwensya sa kanila sa ideolohiya, linya, mga prinsipyo, istratehiya at mga taktika, mga pagsusuri't patakaran ng Partido, at sa buwarang pagkilos ng mga kasapi ng Partido. Ang mapangahas, mapanlikha at militanteng inisyatiba ng mga aktibistang masa sa pag-ako ng mga responsibilidad ay sukatan ng pagtitiwala ng pamunuan ng Partido. Ang kanilang kapangahasang umako ng responsibilidad ay magbabatay sa kapangahasan ng mga kadre ng Partido sa pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataon, at sa pag-alalay sa kanilang kamuletang pampulitika at kasanayang pang-organisasyon. Ang pamumuno ay nangangahulugan din ng wastong pag-aalaga sa mga aktibistang masa. Bukod sa pagbibigay sa kanila ng angkop na paggabay at pagtatasa sa kanilang antas, kailangang subaybayan ang kanilang pagkilos, tulungan silang magiagom, paunlarin pa ang kanilang mga tagumpay, iwasto ang kanilang mga kamalian sa paraang mapanghimok, at tulungan sila sa kanilang mga problema.

Maging materyalista tayo sa pagtanaw sa kakulangan ng karanasan at mga kahinaan ng mga aktibistang masa. Ang mga usaping ito ay mga relatibong bagay. Ang kadreng makaranasan ngayon ay nagsimula sa pagiging bagito. Maaring makaranasan na siya sa isang bagay ngunit kulang pa rin sa iba. Kahit mga datihang kadre'y nagkakamali. Sakit lang payon, masyadong maghihigpit sa mga kamalian ng mga aktibistang masa! Importante ring bakahin ang mga abstrakto't napakataas na pamantayan sa pagtatasa sa mga aktibistang masa. Ang pinakasaligang pamantayan ay ang kanilang paninindigang pampulitika sa pagtataguyod sa pangkalahatang linya ng Partido, ang kanilang kasigasigang matuto, at ang kanilang aktitud sa pamumuno ng Partido.

Ang pagpapalakas sa pamumuno ng Partido ay nangangahulugan din ng pagbubuo ng mas maraming grupo ng Partido sa loob ng mga rebolusyonaryong samahang masa at pagrerekrut sa Partido ng mga sulong na aktibistang masa. Ang pagbubuo ng mga nagsasarili at umaandar na mga makinarya ng mga samahang ito na may mga kumpletong istruktura mula sa pambansa hanggang sa pinakabatayang antas ay napakahalaga. Inilalatag nito ang pangorganisasyong batayan ng lubusang pagunlad ng kanilang inisyatiba at kasanayan. Nakakatulong din ito sa pag-alpas sa nakapagpapakitid na epekto ng mga relatibong lipas nang mailiit at hiwa-hiwalay na grupong ubod.

Napakaraming tungkulin, napakaraming pwersa! Tunay na ang rebolusyon ay hindi nagtatakda ng mga tungkuling lampas sa obhetibo nitong kakayahang tuparin, taya sa kasaysayan na di naglulubal ng mga suliraning di kayanan ng solusyon. ●



Ambag sa rebolusyon

Digmang bayan sa Samar

Sa pambansang saklaw ngayon, isa sa pinakaabante ang antas ng pakikidigmang gerilya sa Samar, ang pangatlong pinakamalaking isla sa buong kapuluan. Isa rin ito sa mga rehiyong unang nakapagtayo ng mga ganap na yunit gerilya at nakapagpaigting ng pakikidigmang gerilya--mga tampok na katangian ng abanteng subyugto ng istratehikong depensiba ng ating digmang bayan.

Umigting at lumawak ang pakikidigmang gerilya sa isla nang maglunsad ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan ng mahigit 40 taktikal na opensiba noong 1979. Marami rito'y malalaking reyd sa mga himpilan ng kaaway sa mga kabayanan. Nasustinihan ang ganitong kumpas ng mga taktikal na opensiba hanggang noong unang hati ng 1981, sa harap ng matinding presyur ng may 5,000 regular na tropa at malaki-laki pang pwersang paramilitar ng reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP).

Ang pagsulong ng pakikidigmang gerilya sa Samar ay patuloy na nagbibigay ng inspirasyon at nag-aambag ng mga bago't abanteng karanasan sa kasalukuyang mas mataas na antas ng pakikidigma. Aktwal din itong kumalat at lumilipol ng papalaking bilang ng tropang kaaway.

May apat na mahahalagang salik na nasa likod ng mga namumukod na ambag na ito sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka: ang pamumuno ng Partido; ang pagbubuo ng baseng masa; ang paggpaigting ng pakikidigmang gerilya; at ang mga bentahe ng ilang obhetibong kalagayan sa isla.

Kabilang sa huling nabanggit sa mga obhetibong kalagayan--ang kundisyon ng 1.3 milyong mamamayan sa tatlong probinsya sa isla. Ang mga probinsyang ito ay kabilang sa mga pinakaatrasado sa buong Pilipinas bunga ng kapabayaan ng gubyerno. Labis na pagdarahop ang mararanasan ng mamamayan. Sa maraming bagay, mas mahirap ang kalagayan nila kaysa sa mga kababayan sa kalakhan ng bayan. Bunga nito, bukas na bukas ang pasang Samareño sa mensahe ng rebolusyon.

Pamumuno ng Partido

Pangunahing salik ang mapagpasyang papel ng pamumunong pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon ng Partido. Ang organisasyon ng Partido sa rehiyon ng Silangang Kabisayaan (dating sumasaklaw sa Samar, Leyte, Cebu at Bohol) ay isa sa kauna-unahang komprehensibong nakapaglagom ng limang taong karanasan (1971-76). Isa rin ito sa unang nakapagdaos ng panrehiyong kumperensya sa gawaing pulitiko-militar ng hukbo (1980). Kayat nagkaroon ng nagkakaisang pagtanaw ang buong rebolusyonaryong pwersa sa naging mga karanasan, sa kasalukuyang kalagayan ng iba't ibang linya at lugar ng gawain, at kung paano magkakasagapay na isusulong ang mga ito.

Habang matamang sinusuri ang partikular na kalagayan at kumukuha ng mga aral mula sa sariling praktika, mahigpit na hinawakan ng mga kasama sa isla ang mga inilabas na saligang dokumento at mga atas ng Komite Sentral ng Partido. Malaking tulong ito lalo't sa pana-panahon napuputulan sila ng ugnay sa sentral na pamunuan ng Partido. Nalaliman din nilang pinag-aralan ang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, mapanlikhang ipinalaganap ang mga ito hanggang sa antas ng masa, at buong kapangahasang isinapraktika sa kongkretong kalagayan ng Samar.

Sa gayon, nagawa ng organisasyon ng Partido na maging matatag na sentro ng rebolusyonaryong pamumuno. Taglay ang obhetibong pagsusuri sa kalagayan at timbangan ng pwersa sa pagitan natin at ng kaaway sa isla, wasto itong nakapagbalangkas ng mga plano, namuno sa pagpapatupad nito, at isinulong ang rebolusyonaryong pakikibaka. Namumukod-tangi sa pamumunong ito ang kapangahasan ng Partido na daihin ang armadong pakikibaka sa mas mataas pa antas, kahit kulang pa sa aktwal na karanasan.

Pagbubuo ng pundasyon

Pangalawang salik ang sistematiko, solido at malawakang pagbubuo ng baseng masa na pundasyon sa pagsusulong ng armadong pakikibaka.

ang mahigpit at malawakang pagbibigkis sa pagkakaisa ng mamamayan at ang paglalagay sa kanila sa posisyon para epektibong isulong ang kanilang rebolusyonaryong mga gawaing lisa sa maaga't maninginging na tagumpay sa Samar.

Mula sa ilandaang mamamayang nabigkis sa mga komiteng pang-organisa sa baryo (BOC) noong 1976, mahigit 40,000 mamamayan ang solidong naorganisa pagsapit ng 1979-80. Sinuman nitong iniimpluwensyahan ang di bababa sa 300,000 mamamayan. Humigit-kumulang, sangkapat ito ng kabuuang populasyon ng isla.

Ang lalim at saklaw ng nabuong pangmasang pundasyon ay nakaugat sa pagkakatayo ng mga ganap na samahang masa sa 122 baryo, komiteng pang-organisa sa 255 baryo at mga grupong pang-organisa sa 480 pang baryo. Dagdag pa ang nabuong mga yunit milisya sa may 450 baryo, na handang magtaguyod at magdepensa sa mga saligang interes at karapatan ng masa. Gayundin, ang may ilandaang grupong pansuportang binubuo ng mga mayamang magsasaka, maliit na negosyante, propesyonal at nailiwanagang pangnoong maylupa. (Pagsapit ng Setyembre 1983, mahigit 50,000 na ang organisadong masa na tumatayong umiimpluwensya't nakapagpapakilos sa may 400,000 mamamayan, o sangkatlo ng populasyon.)

Nadarama naman ang sigla't sigasig ng rebolusyonaryong kilusang masa sa sumusunod: Mula 1977 hanggang 1980, mahigit 8,000 magsasaka ang kumilos para lihim o hayagang ibaba ang upa sa lupa; 13,000 naralitang magsasaka at manggagawang bukid ang nagkaisapay na nakibaka para itaas ang pasahod sa mga bukirin; at 3,300 maliliit na prodyuser ang koordinadong nagtaas ng presyo ng kanilang mga produkto bilang sagot sa pambabarat at pandaraya ng ilang malalaking negosyante-usurero. Libu-libo ding mamamayan ang nagpartisyon, nagmartsa at nagrali sa mga baryo, mga munisipalidad at mga kabisera sa tatlong probinsya ng Samar para kondenahin at labanan ang panunupil at terorismo ng pasistang AFP.

Naging napapanahong paraan sa pagbubuo, pagpapalakas at pagpapasigla ng kilusang masa ang patuloy na pagpapalalim sa pag-unawa sa kalagayan at tunggalian ng mga uri sa mga baryo. Sa gayon, naisulong sa tamang direksyon ang pakikibaka, at naiugnay ang mga mithiin, interes at problema ng masa sa pangkalahatang linya ng rebolusyong pambansa-demokratiko.

Ang Samar ang isa sa pinakaunang nakapagbalangkas ng komprehensibong gabay sa pagsasagawa ng imbestigasyong panlipunan at pagsusuri ng mga uri. Kayat sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo, halimbawa, wastong nailapat ang prinsipyo ng rebolusyonaryong linyang makauri--pag-asa sa batayang masa. May kumpiyansang inilang din ng mga kasama ang prinsipyo ng "pakikipagkaisa sa marami at pagtatarget sa mga prinsipal na kaaway." Sa gayon, naiwasan ang di kinakailangang mga kontradiksyon sa pagitan ng batayang masa sa isang panig at mga mayamang magsasaka at naliliwanagang pangnoong maylupa sa kabilang panig. Sa halip, nalikha ang kalagayan para manyutralisa o makabig sila ng masa at naituon ang pangunang lakas ng mamamayan laban sa kanilang prinsipal na mga kaaway.

Mapanlikha ding naipatupad sa Samar ang prinsipyo ng "pagkuha muna ng paniwalang mategumpay na karanasan" o "breakthrough." Halimbawa, sa pagtataas sa antas ng kampanyang masang antigyudal, mula sa lihim tungo sa hayag na pagpapababa ng upa sa lupa, pumili muna ng dalawang baryong may pinakamalakas na organisasyong masa at nagdaan na sa antas ng lihim na pagpapababa ng upa sa lupa. Doon kumuha ng mga karanasan at aral bago malawakang ipinatupad ang kampanyang masa. Sa gayon, sustinido at mabungang naisulong ang rebolusyong agraryo hanggang sa antas ng mga distrito.

Ito ang batayan kung bakit relatibong maagang naratiing sa Samar ang tamang kalagayan sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya at sa patuloy na pagsulong ng rebolusyong agraryo. Higit sa lahat, ang kakayahang isakatuparan ang mga ito sa harap ng konsentrasyon ng atake ng kaaway.

Pakikidigmang gerilya

Pangatlong salik ang maagap na pagbubuo ng mga ganap na yunit gerilya at yunit milisya, at napapanahong pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya noong 1979.

Mula nang mabuo ang unang pito-kataong sandatahang yunit propaganda (SYP) noong 1973, patuloy na pinalakas at napapanahong itinaas ang antas ng pormasyon ng BHB sa isla. Pagsapit ng 1979, mayroon nang nakatalagang anim na platung gerilya sa dalawang larangang gerilya. Sa panahon ding iyon, inatupag ang pagbubuo at pagsasanay ng mga yunit milisya.

Sa panahon ng 1976-78, naitayo ang mga panlarangan at pandistritong organo ng Partido sa isla. Kayat kasabay ng pagbubuo ng panimulang mga pormasyong platun noong 1977, unti-unting naliliwanag na ang hukbong bayan sa gawaing masa. Pagsapit ng 1979, nakatuon na ang mga

ISANG DEKADA NG MGA TAGUMPAY SA LABANAN

Simula sa unang matagumpay na taktikal na opensiba sa Calbiga, Western Samar, noong Mayo 20, 1974, naging katuwang ng Bagong Hukbong Bayan ang organisadong masa sa pagbubunsod ng armadong pakikibaka sa isla. Narito ang ilan sa kanilang-mga tagumpay sa larangan ng labanan:

1 Mayo 20, 1974, Calbiga, Western Samar--Ambus sa patrulya ng PC; nakumpiska ang anim na M16 at tatlong kerbin.

2 Abril 11, 1979, Mapanas at Catarman, Eastern Samar--Magkasabay na mga reyd sa mga himpilan ng PC-INP; 19 na riple at 10 rebolber.

3 Mayo 13, 1979, Matuguinao, Western Samar, at Silvino Lobos, Northern Samar--Magkasabay na mga reyd sa mga himpilan ng PC-INP; 16 na riple, tatlong rebolber.

4 Agosto 29, 1979, Taft, Eastern Samar--Reyd sa ditatsment ng 52nd PC Bn; isang M60 masinggan, isang M203, 10 M16, mahigit 6,000 bala.

5 Enero 12, 1980, Wright, Western Samar--Reyd sa Marcopper Mining & Industrial Corp.; dinisarmahan ang 40-katong security nagaw ang 10 kahong dinamita at mga detonator at blasting cap ng mga ito.

6 Nobyembre 1, 1980, Pambujan, Northern Samar--Ambus sa dalawang pumpboat ng 60th PC Bn: 12 M16, isang M203.

7 Abril 19, 1981, Basey, Western Samar--Reyd sa ditatsment ng 20th IB (PA); isang masinggang M60, isang M79, 14 na M16, kahon-kahong bala.

8 Disyembre 1-12, 1981--Serye ng atake ng mga security, kabilang ang isang kumpanya ng 15th IB (PA), ng San Jose Timber na pag-aari ni Minister sa Depensa Juan Ponce Enrile; walong M16, napalubog ang dalawang barge at sinira ang mga kagamitan sa pagtotroso na nagkakahalaga ng P10 milyon.

9 Marso 4, 1982, Pambujan, Northern Samar--Ambus sa dalawang dyip ng 15th IB (PA); pitong M16, isang M203.

10 Marso 22, 1982, Pinabacdao, Western Samar--Ambus sa patrulya ng 20th IB (PA): limang M16, isang M203.

11 Enero 31, 1983, Silvino Lobos, Northern Samar--Ambus sa isang patrulya ng Special Warfare Brigade (SWaB, PA): siyam na M16, 792 bala.

12 Pebrero 26, 1983, San Jorge, Western Samar--Ambus sa dyip ng 19th IB (PA); apat na M16, isang M203.

13 Abril 5, 1984, Catubig, Northern Samar--Ambus sa patrulya ng 19th IB (PA); siyam na M16, isang M203.

14 Mayo 4, 1984, Wright, Western Samar--Reyd sa ditatsment ng 20th IB (PA); isang masinggang M60, isang M79, pitong M16, 2,000 bala.

15 Hunyo 4, 1984, Gandara, Western Samar--Reyd sa ditatsment ng 19th IB (PA); isang masinggang M60, apat na M16.

Pulang gerilya sa pag-aasikaso sa gawaing militar (bagamat nananatiling pangalawang tungkulin ang gawaing masa), at istablisado na ang linya ng komand, mula sa antas ng Pansehiyong Komite ng Partido, pababa sa komand sa operasyon ng mga larangan hanggang sa mga platun.

Ang maagang paglampas sa oryentasyong SYP ng hukbo ay nagbigay-daan para pusposang maharap nito ang pagpapaunlad sa kahandaan at kakayahan nitong makidigma at mapaklios ang tumbayan sa pagbubunsod sa digmang bayan.

Sa puntong ito, naging buwaran ang pagpapatupad ng mga kadre ng Partido sa gawaing pang-ideolohiya at pampulitika ng hukbo. Maliban sa nalinang ang tamang paraan ng pag-iisip at paggawa, napanday din ang matatag na pagkakaisa ng mga pinuno't kawal at pagkakaisa ng hukbo at masa (AB, Hulyo 1984).

Sa pagpaplano, paghahanda at pagpapatupad ng mga kampanyang militar, halimbawa, tiniyak, sa pangunguna ng mga komand sa operasyon, na may obhetibong pagsasapol ang hukbong bayan sa timbangan ng lakas sa pagitan nila at ng pwersa ng kaaway. Bahagi ng pagsusuri ang antas ng karahasan ng gerilya.

nasan sa gerd at kapasidad ng mga pwersang gerilya at ng organisadong masa sa antas ng larangan, distrito at mga lugar na pwedeng paglunsaran ng mga taktikal na opensiba. Sa kabilang banda, iniimbestiga ang kongkretong kalagayan at kilos ng kaaway sa buong larangan at bawat distrito. Sa gayon, natutukoy ang mahihina, relatibong nakabukod at kayang malipol na pwersa ng kaaway.

Tiniyak din ng mga Pulang gerilya ang aktibong pagsuporta ng taumbayan sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga mobilisasyong pampulitika sa mga baryong paglulunsaran ng mga taktikal na opensiba o kaya'y napipintong salakayin ng kaaway. Sa gayon, naging kabalikat ng mga yunit gerilya ang masa, lalung ang mga milisya, sa pagbanat sa kaaway at paghasrap sa mga kontra-gerilyahito. Ang pagbibigay ng matingkad na pangmasang katangian sa ibinubunsod na pakikidigmang gerilya ay isa sa namumukod na kontribusyon ng Samar.

Kayat kahit bagong karanasan para sa organisasyon ng Partido at hukbong bayan sa isla, buong kapahangasan nitong ipinatupad ang pagpapaigting sa pakikidigmang gerilya sa malawak na saklaw noong 1979. Mula noon, hanggang kalagitnaan ng 1981, gumanap ng malaking papel ang Samar sa pagdadala ng kumpas ng pakikidigmang gerilya at sa pagpopropaganda nito sa pambansang saklaw.

Ang pagrerenda sa mga taktikal na opensiba, lalung sa paglulunsad ng malalaking operasyon noong huling hati ng 1981 hanggang 1983, ay ipinatupad sa dalawang malalaking dahilan:

Una, para maketulong ang Samar sa mas mabilis na pagpapaunlad sa iba pang larangang gerilya, lalung sa malalaking isla sa Kabisayaan at sa Mindanaw. Sa panahong ito, marami-rami ring kumander at upisyal pampulitika sa antas ng mga platun at iskwad, kasama ang limpung matataas na kalibreng riple, ang itinalaga sa mga lugar na nabanggit.

Pangalawa, sa harap ng malakas na presyur ng kaaway, may kahirapan ding iustina ng hukbong bayan ang dating kumpas ng mga taktikal na opensiba nito. Kayat minabuti pa ng mga kasama na pagtuunan ang pagpapalakas at pagkokonsolida sa armadong pwersa, kabilang ang pagbubuo ng mga pandistritong yunit gerilya at mas maraming yunit milisya.

Pagsapit ng 1984, nabuo na ang mga pormasyong kumpanya ng hukbo sa isla at ginulantang ang pwersa ng AFP ng sunud-sunod na mga opensiba ng hukbong bayan na patuloy sa pagtindi hanggang ngayon (tingnan sa nakakwadrong talaan ng mga tagumpay sa labanan).

Obhetibong kalagayan

Pang-apat at huling salik ang laganap at matinding paghihikahos ng masa, pabo-rableng kalagayan at relatibong mahinang makinarya ng estado, kasama ang manipis na disposisyon ng AFP noong 1976-78.

Mahigit 80 porsyento ng populasyon ang nasa kanayunan. Saligang problema nila ang lupa at kaugnay nitong pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Pinalubha pa ito ng karahasan at kapabayaan ng reaksyonaryong estado. Taglay ang maningning na tradisyon ng pakikibaka mula pa noong pagbabalik kolonyal ng mga Espanyol at Amerikano, nadatl nilang niyakap ang mga simulain ng rebolusyong pambansa-demokratiko.

Samantala, di organisado at di buo ang mga humahawak ng kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika sa isla. Marami sa kanila ang nagkikimkim ng galit sa pasistang pangkatin. Sa ganitong kalagayan, relatibong naging madali ang pagnyutralisa sa kanila at di lilan ang nakabig na sumuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Ang mahinang hawak ng diktadura sa lokal na makinarya ng estado ay lalo pang lumambot.

Isa ang Samar sa may pinakapaborableng kalagayan na angkop sa pagsusulong ng pakikidigmang gerilya, sa lupa man o sa dagat. Mahigit 70 porsyento ng kalupaan ay bulubundukin at malawak pa ang kagubatan. Ang mahabang baybayin at kanugnog na mga pulo'y di kailanman nakakayanang bantayan ng kaaway, habang nagbibigay ito ng mas malaking lugar na pwedeng pagmaniobrahan ng hukbong bayan.

Ang mga bentaheng ito'y lalo pang napapakinabangan ng lumalaking hukbo dahil malaki ang bilang ng mga magsasaka na naninirahan sa mga interyor, gayundin ng mga mangingisda-magsasaka sa baybayin at kanugnog na maliliit na pulo.

Hinaharap

Ang ibayong paglakas ng hukbong bayan at baseng masa sa Samar at mabilis na pag-unlad ng maraming larangang gerilya sa iba't ibang panig ng kapuluan ay nagpapahiwatig ng mas matindi't laganap na pakikidigmang gerilya sa buong bayan kaysa sa nakaraan. Mahalagang tuntungan ang mga ito para sa ibayong pagpapalakas ng hukbong bayan at pag-abot ng atingdigmang bayan sa mas mataas pang antas.

Usapin ng 'para kanino?'

Kalayaan ng pamahayagan

May 300 peryodista at manunulat ang nagprotesta kamakailan sa paninikil sa kalayaan ng pamahayagan, o press freedom, sa ilalim ng diktadurang US-Marcos. Tinukoy nila ang relatibong bagong anyo ng panliligalig sa mga taunan ng masmidya: ang paghaharap ng mga lider ng diktadura ng mga kasong libel na kinasangkutan ng daan-daang milyong piso.

Mula pa noong ipatay ang batas militar, naging matatag ang mga nasa masmidya laban sa iba't ibang anyo ng paninikil ng diktadura, mula sa pagpapatanggal sa pwesto, interogasyon ng militar, at garapalang pagmamanman, hanggang pagsasara sa mga dyaryo at istasyon ng radyo, at pagkukulong at pagpatay pa sa mga peryodista.

Samantala, inulit ng rehimen, sa pamamagitan ng minister sa depensa nito, na umiiral daw ang kalayaan ng pamahayagan. Hinamon pa nga ang mga manunulat na maging mapangahas kahit sa pagbubunyag ng mga katiwalian sa gubyerno.

Umiiral nga ba o hindi ang kalayaan ng pamahayagan? Dito'y may tanong na inihahabol agad ang mga Marxista: para kanino? Sa isang lipunang may mga uri, di mapag-uusapan ang mga karapatan at kalayaan nang hindi idinudugtong ang katanungang ito.



Paano umiiral ang kalayaan ng pamahayagan sa ilalim ng isang pasistang diktadura? Sa ilalim ng burges na demokrasya? O ng demokrasya ng mamamayan? Ito'y masasagot sa paglilinaw na sa isang lipunang nahahati sa mga uri, may mga naghaharing uri at may pinaghaharian ng mga uri. Ang mga naghaharing uri ang kumokontrol sa estado, at ginagamit ang mga instrumentalidad nito para ipairal ang kanilang paghahari. Habang umiiral ang mga uri, hindi talaga makaiiral ang 'kalayaan para sa lahat.' Balikan natin ang katanungan: Paano umiiral ang kalayaan sa pamahayagan sa ilalim ng magkaibang kundisyong natukoy? Umiiral ito batay sa makauring interes at kagustuhan ng mga naghaharing uri, at ito ay sandata sa pagpapatw ng kanilang paghahari sa iba pang mga uri sa lipunan.

Pamahayagan ng pasismo

Sa ilalim ng pasistang diktadura, tanging ang kasabwat nito at mga upisyal at di upisyal na tagapagsalita ng rehimen ang nagtatamasa ng kalayaan sa pamahayagan. Habang sa reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) pangunahing nakasandig ang pasistang poder, mahalagang kasangkapan ng kapangyarihang ito ang panloloko--ang pag-iimbento ng mga 'biyaya,' at pagtatago ng mga krimen, ng paghahari nito.

Kayat pagkaceklara ng batas militar, kinontrol agad nang mahigpit ang masmidya para di magamit ng masang manggagawa, magsasaka, petiburges, pambansang burges, at pati ng malalaking panginoong maylupa at burges na kumprador na hindi kabilang sa pangkating nagkudeta. Mahigpit na hinawakan ang mga pagmumulan at daluyan ng impormasyon. Malapit sa diktador ang nagmamay-ari sa malalaking publikasyon at broadcast network (AB, Hulyo 1984).

Noong una, may upisyal na militar o tauhan ng Malakanyang na sumusuyod sa mga artikulo at iskrip. Nitong huli, inutusan na lang ang masmidya na "isensor ang sarili" habang nakaumang ang pagsasara't iba pang parusa. Idinikreto pa ang parusang hanggang kamatayan sa paggawa ng mga artikulo o drowing na subersibo sa diktadura, at sa pagpapagamit ng sariling mga pasilidad para sa "subersibong propaganda."

Sa katakhan, epektibong sinesensyahan ng diktadura ang pagbabalita ng masmidya sa pagsulong ng demokratikong kilusan ng bayan, at kahit na ang mga pahayag at aktibidad ng karibal nitong mga burges-reporminista.

Ang kalagayang ito ng midya, pati ng pasistang paghahari mismo, ay resulta ng patuloy na paglaganap ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Sa isang lipunang ganito na umiiral ang pyudal at malapyudal na lipunang ganito--na umiiral ang pyudal at malapyudal na istruktura; mahina ang katutubong burgesya

na dominado ng pinakareaksyonaryong bahagi nito, ang malaking burgesyang kumprador; at naghahari ang imperyalismo at nakikipagsabwatan sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa--walang matatag na sasalalayan ang mga institusyong burges-demokratiko.

Bago ang batas militar, ang asamidya ay isang di maihihiwalay na bahagi at tagapagtaguyod ng sistemang dominado ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa maikling salita, ang asamidya'y tagapamansag ng umiiral na malakolonyal at malapyudal na sistema. Sa ilalim ng batas militar, pinagsisilbihan pa rin nito sa kabuuan ang naghaharing sistema, pero mas partikular pa ang interes ng imperyalismo at ng nakitid na pangkating Marcos na binubuo ng malaking burges na kumprador, panginoong maylupa at burukrata.

Kayat nakaiirap man dito ang iisang sangkap ng republikanismo at mga pormal na karapatang burges bago noong 1972, ganap na itinapon ng pasistang batas militar ang lahat ng pagkukunwari. Ngayon, ang asamidya'y pangunahing nagsisilbi sa interes ng imperyalismo at ng pangkating Marcos, laban sa interes ng sambayanan. Ginagamit pa nga itong isang kasangkapan laban sa mga myembro ng lokal na mga naghaharing uri na lumalaban sa pangkating Marcos. Ito ang midyang nagtatamasa ngayon ng kalayaan ng pamahayagan.

Samantala, tinatangkang ipagkaila ng pasistang rehimen ang pagkontrol nito sa asamidya. Pero sa paghahangad mangahas ang asamidya na maglabas ng kahit na ano, karugtong agad ang pasubali na huwag lang daw isangkot ang "pambansang sigu-

> "Mayroon ba ni isang bayan, kahit sa pinakademokratikong mga bayang burges, kung saan ang karaniwang manggagawa, ang karaniwang trabahador sa lokalidad, ang karaniwang malamanggagawa sa lokalidad sa pangkalahatan.., ay nagtatamasa ng anumang kahawig ng kalayaang gumamit ng pinakamalaking imprenta at pinakamalaking istak ng papel para ipahayag ang mga ideya niya at ipagtanggol ang kanyang mga interes ...gaya ng sa Rusyang Sobyet?"
>
> V.I. LENIN
>
> "Burges at Proletaryong Demokrasya," Ang Rebolusyong Proletaryo at ang Taksil na si Kautsky (Nob. 10, 1918)

ridad." Lahat naman ng importantang usapin sa paghahari ng pangkatin ay idinidikit sa "pambansang seguridad".

Burges-demokratikong pamahayagan

Nakaugat sa esensya ng burges-demokratikong estado ang esensya ng burges-demokratikong malayang pamahayagan. Ipagkaila man ng liberalismong burges, ang demokrasyang burges ay para sa burgesya, at ito'y diktadura laban sa uring manggagawa. Sa kabila ng mga pagkukunwari at idealismo, hindi talaga mangyayaring makakapantay ng nagsasamantala ang pinagsasamantalahan. Hindi talaga makakatimbang sa tinig ng burgesya, na nagmamay-ari ng malalaking imprenta, istak ng papel, at mga istasyon ng radyo-telebisyon, ang tinig ng manggagawa na walang pag-aari kundi ang lakas-paggawa.

Ayon nga kay Lenin: "Tingnan ang pundamental na mga batas ng mga modernong estado, tingnan ang kanilang administrasyon, tingnan ang karapatan sa pagtitipon, kalayaan sa pamahayagan, o 'pagkakapantay-pantay' ng lahat ng mamamayan sa harap ng batas,' at makikita...sa bawat hakbang ang katibayan ng pagkukunwari ng demokrasyang burges na kilala na ng bawat manggagawang matapat at may makauring kamalayan. Walang isang estado, gaano man kademokratiko, na walang mga lusutan o reserbasyon sa kanilang konstitusyon na gumagarantya para sa burgesya ng posibilidad na magdispatsa ng mga tropa laban sa mga manggagawa, magproklama ng batas militar, at kung ano pa, kapag may 'paglabag sa kaayusang pampubliko,' at sa katunayan, sakaling kapag ang uring pinagsasamantalahan ay 'lumabag' sa kanyang katayuan ng pagkaalipin at magtangkang umasta na di mga alipin." [mula sa Ang Rebolusyong Proletaryo at ang Taksil na si Kautsky, 1918.] Ito ang dahilan ng istratehikong pagtatakwil ng uring manggagawa sa burges na konsepto ng demokrasya.

Gayunman, sa kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino na ang ibinabagsak ay pasistang diktadura at ang kinakatawan nitong malakolonyal at malapyudal na kaayusan, may mga sangkap at anyo ang demokrasyang burges, kabilang na ang burges na kalayaan ng pamahayagan, na may progresibong katangian at may potensyal na mapakinabangan ng pakikibakang mamamayan. Mahusay at mahalagang taktika ng pambansa-demokratikong rebolusyon, at matingkad na sangkap ng malawak na pakikibakang antidiktadura, ang paggigiit na pairalin ng diktador kung alin sa burges-demokratikong mga pagpapanggap ng kanyang pasistang konstitusyon ang kapaki-pakinabang sa pakikibaka ng mamamayan.

Makabuluhan sa kontekstong ito ang pagtataguyod ng kalayaan ng pamahayagan dahil paglaban ito sa mga restriksyon ng pasistang rehimen, at paggigit sa karapatan ng mamamayan na makaalam at magpahayag. Sa paggigit ng ganitong "kalayaan," aktwal na nabubuko ang mga sikreto at panloloko ng rehimen, at nailalantad ang mga karanasan sa pakikibaka ng iba't ibang demokratikong sektor sa iba't ibang panig ng kapuluan. Napapandasy pa nito sa pakikibaka ang pagkakaisa at mga organisasyon ng mga taga-masmidya.

Di matatawaran ang epekto ng lumalaking "alternatibong masmidya"--alternatibo sa mahigpit na bawal ng rehimen--sa paglawak at pagsulong ng kilusang protestang anti-diktadura, laluna mula noong asasinasyon ng rehimen kay Senador Benigno Aquino. Habang lumalakas pa ang kilusang protesta at napapwersa nito ang rehimen na magtimpi sa mga restriksyon, dapat pang dagdagan ang mga pagsisikap para mabigyang kaganapan ang buong rebolusyonaryong potensyal ng "alternatibong peryodismo," at epektibong kontrahin ang pagdaloy din dito ng propaganda ng reporma, kundiman tahasang kontra-rebolusyonaryo.

Pamahayagan sa demokrasyang bayan

Sa ilalim ng demokratikong republika ng bayan, ang kalayaan ng pamahayagan ay matatamasa ng mga uring anakpawis at ng mga saray ng burgesya na kaalyado nila--ibig sabihin, ng malaking mayorya ng mamamayan na kasalukuyang pinagsasamantalahan at inaapi. Bibigyan ba ng ganitong kalayaan ang mga magtataguyod sa pagbabalik ng paghahari ng imperyalista, asendero-kumprador, at pasista? Tiyak ang demokrasya para sa mayoryang binubuo ng mga uring makabayan at demokratiko. Di ba dapat sumilip--pigilan pa nga--ang makapangibabaw ang mga uring katunggali nila?

Habang naninindigan sa makauring konsepto ng demokrasya, tahasan nating masasabing mas demokratiko ang ganitong kaayusan--at kalayaan ng pamahayagan--kaysa sa burges na demokrasya at press freedom. (Di na kailangang ipaliwanag ang kaibhan nito sa pasistang diktadura at pamahayagan!)

Kasangkapan ng mamamayan sa tunay na demokratikong paghahari ang kanilang kalayaan sa pamahayagan. Gagamitin nila nang husto ito para ipalaganap ang kanilang mga karanasan, aral at panawagan. Ibig sabihin, kasangkapan ito ng kanilang propaganda.

Sa pamamagitan ng malaki't malalakas na organisasyong masa at mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika



mula sa lokal hanggang sa pambansang antas, bibigyang-buhay ng mamamayan ang kalayaan ng pamahayagan na ginagarantyehan kapwa ng Programa (ng Partido) para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan at ng programa ng Pambansa-Demokratikong Prente (NDF).

Ngayon pa lamang ay naririyan na ang mga buhay na binhi ng malayang pamahayagan ng demokrasyang bayan--ang mga ilegal na rebolusyonaryong pahayagang masa na inilalathala sa mga rehiyon at sa buong bayan, at malinaw na nagtatamasa ng malinit na pagtangkilik ng mamamayan.

Kailangan pang pangibabawan ng mga pahayagang masa, laluna sa mga rehiyon, ang malalaking limitasyon, pero ngayon pa lamang ay kinikilala na ng malawak na masa ang mga babasahing ito bilang alternatibong masmidya na sadyang para sa kanila.

Ang pagpupunyagi ng mga nagtatrabaho sa masmidyang mahigpit na kontrolado ng pasistang rehimen, ang paglakas ng "alternatibong masmidya," at ang patuloy na pag-unlad ng mga ilegal na rebolusyonaryong pahayagang masa ay pawang mahahalagang sangkap ng kasalukuyang pakikibakang anti-diktadura. Sa pagkakahawig-hawig at pagkakaiba-iba ng kanilang mga karanasan, katangian at tungkulin, maipapakita na ang pagtatamasa ng mamamayan sa kalayaan ng pamahayagan ay nakasalalay sa pakikibaka ng mamamayan para kamtin ang kanilang demokrasya.

IMF: 'Drug pusher' ng imperyalismo

Alumpihit na hinihintay ng papet na pasistang rehimeng Marcos ang kondisyon ng Pandaigdigang Pondo sa Panananlapi (International Monetary Fund o IMF) na nasa anyo ng $650-miliyong nakabimbing pautang ("standby loan"). Makapangyarihan ang pautang na ito. Bale ihuhudyat nito na makakakuha ne rin ng hanggang $3.36-bilyong pautang sa may 400 monopolyong kapitalistang bangko na ngayon pa lamang ay pinagkakautangan na nang napakalaki ng rehimeng Marcos. Kung wala ang pautang ng IMF, malamang na hindi rin ibibigay ng mga bangko ang bilyun-bilyong dolyar na pautang.

Ano be itong IMF at bakit napakamakapangyarihan nito? At bakit parang usapin na ng buhay at kamatayan para sa rehimeng Marcos ang hinihintay na basbas?

Makapangyarihang instrumento

May iba't ibang kasangkapan ang pandaigdigang sistemang imperyalista para konsolidahin at palakasin ang sariling hanay at pahigpitin ang kontrol sa mga malakolonya at kolonyang kinukubabawan nito.

Sa larangan ng pera at pinansya, isa sa pinakamakapangyarihan sa mga kasangkapang ito ang IMF. Limitado raw sa mga usaping pinansyal at monetaryo ang saklaw nito, pero katunaya'y lampas dito ang impluwensya ng IMF.

Sa pamamagitan nito at ng kakambal na Bangkong Mundyal (World Bank o WB), kinokontrol ng imperyalismo ang ekonomya ng mga malakolonya at kolonya; itinatakda nila kung aling mga rehimen ang tatanggap ng pautang, at kung magkano. Dahil nagbibigay daw ng "istabilidad" sa mga rehimen ang pautang, ang IMF at WB ay instrumento para itakda kung alinaling papet ng imperyalismo ang maghahari sa mga bayang ito--pawang mga papet na pinakaepektibo sa pagtatanggol at pagtataguyod sa mga imperyalistang interes, at pagtatanggol sa lokal na reaksyonaryong sistema.

Binuo ang IMF at WB noong 1945, matapos ang Kumperensyang Bretton Woods ng pangunahing mga bayang imperyalista sa pangunguna ng United States. Katatapos noon ng digmaan ng mga imperyalista na kilala bilang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at kalakhan ng Europa ay wasak pa.

Habang inaatupag ang muling pagtatayo ng pandaigdigang sistemang kapitalista, balisang-balisa noon ang imperyalismo sa paglitaw at pag-abante ng armadong mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonya't malakolonya.

Itinatag ang IMF para tiyakin ang isang pandaigdigang sistemang monetaryo na susuporta at magtataguyod sa "malayang kalakalan" at pamumuhunan, laban sa lahat ng sagka at anyo ng proteksyonismo. Ang kagyat namang layunin ng pagtatatag ng WB ay makapagbigay ito ng mataglaing mga pautang para tumulong sa muling pagtatayo ng mga bayan sa Kanlurang Europa na malubhang napinsala ng gera.

Ang "malayang kalakalan" ay talaga namang sa teorya lamang. Habang igiigit ng mga bayang imperyalista na alisin ng mga kolonya, malakolonya at iba pang atrasadong bayan ang anumang sagka sa pagpasok ng monopolyong kapitalistang pamumuhunan at yaring produkto, ang mga imperyalistang bayan mismo ay sumasagka sa pagpasok ng kalakal mula sa mga atrasadong bayan.

Sa halos 40 taong lumipas mula 1945, lumitaw ang IMF bilang tagapagpautang sa mga bayang "kumakapit sa patalim" gawa ng malubhang mga depisit sa kanikanilang balanse ng bayaran (BOP). Karamihan sa mga bayang ito ay malakolonya. Sa kabilang dako, mula noong kalagitnaan ng dekadang 1950, ibinaling na ng WB sa mga malakolonya at iba pang atrasadong bayan sa daigdig ang karamihan sa mga "proyektong pangkaunlaran" nito (ang marami nito ay may katangiang kontra-rebolusyonaryo). Sa buong mundo, pinakamalaking "ahensya sa pagpapaunlad" ngayon ang WB.

Mahigpit na nagtutulungan ang IMF at WB, sa pagdidireksyon pangunahin ng imperyalismong US, para tiyakin ang patuloy na pagpasok ng imperyalistang kapital at kalakal sa mga malakolonya, at tiyaking mananatiling mga galamay lang ng pandaigdigang sistemang kapitalista ang mga malakolonyang ito.

Sa pagtupad sa kani-kanilang mga gawain, ang magkakambal na mga institusyong ito ay pinakikinabangan nang napakalaki ng imperyalismo para sa iisang makasariling dahilan: magkahiwalay, at lalung lalo kapag magkatambal, nakapamiminsala sila ng pang-istrukturang mga pagbabago sa mga bayang nangungutang, mga pagbabagong lubhang

umaagrabyado sa mga bayang ito at kapaki-pakinabang naman sa mga bayang imperyalista; siniguro nila ang pagbebenta sa mga umuutang na bayan ng mga imperyalistang tapos na produkto sa napakataas na presyo; at, higit sa lahat, kumokamal sila ng higanteng ganansya sa ipinautang na pera.

Ang masaklap nito, pinalilitaw pa ng imperyalismo at ng mga papet na rehimen sa mga bayang nangungutang na ang mga pautang na ito ay "tulong" na napag-kawanggawang ipinagkakaloob.

Noong 1982, may 146 na myembrong bayan na ang IMF at may 142 naman ang WB. Nasa dalawang institusyon ang Pilipinas. Dumi-bili ng sapi ang mga myembro sa halagang nakakaya ng bawat isa, at ang bigat ng karapatang bumoto ng bawat myembro ay itinatakda ng dami ng sapi na hawak nito. Kilang pinakamalaking stockholder, ang US ay kumokontrol sa halos 20 porsyento ng mga boto noong 1982. Ang 40 porsyento ng lahat ng boto ay hawak ng US at apat pang pangunahing mga bayang imperyalista --Japan, Britain, West Germany at France.

Gaya ng nabanggit, ipinatutupad ng IMF ang kapitalistang doktrinang "malayang kalakalan." Maraming ulit nang nasasabi na maaaring kapaki-pakinabang lamang ang malayang kalakalan sa pagitan ng dalawang bayang halos magkapantay sa pang-ekonomyang kaunlaran, pero ang "malayang kalakalan" sa pagitan ng isang maunlad na bayan at isang atrasadong bayan ay tiyak na di pantay at malubhang nakaaagrabyado sa huli.



At habang sistematikong inaatupag ng IMF ang pag-alis sa mga nakahahadlang na bawis at iba pang kontrol sa pag-iimport, na itinatakda ng mga atrasadong bayan para protektahan ang kanilang mga lokal na industriya, nagbubulagbulagan ito kapag naglalagay ang US at iba pang kapitalistang bayan ng mga hadlang sa pagpasok ng mga kalakal mula sa mga bayang atrasado.

Ang 'drug pusher'

Gaya ng isang drug pusher, sa simula'y ibinibigay ng IMF (at ng WB rin) ang mga pautang sa may-kadaliang mga kundisyon para sa mga bayang may problema sa BOP (na karaniwa'y mga malakolonya). Ang mga malakolonyang ito, na pawang pinaghaharian ng mga papet ng imperyalismo, ay humihiram ng napalaking halaga, na ang malaking bahagi'y ibinubulsa ng mga papet na ito, hanggang sa huli'y sabit na sila sa pagkasugapa.

Itinatago na ng drug pusher ang antas ng pagkasugapa. Nilalakihan ang singil sa kanyang tinda at ang sugapa ay walang magawa kundi ang sumunod dahil kailangan na niya ito.

Nangungunang halimbawa ng isang sugapa ang rehimeng Marcos. Sa pagtatangkang iligtas ang sarili sa malubhang problema sa BOP at sa krisis sa pambansang ekonomya, sa pangkalahatan, nakikipagnegosasyon ito para makuha ang binanggit nang $650 milyong nakabimbing pautang mula sa IMF. Malakas na naiimpluwensyahan ng pagbibigay ng pautang na ito ang may 400 pribadong bangkong imperyalista para magpautang din, at tiyak na pagloloobin pa ang kasalukuyang $26-bilyong (may nagsasabing $30 bilyon) utang panlabas ng Pilipinas. Pinagbabayad tayo ng taumang interes na mula $2.4 bilyon hanggang $3 bilyon sa kasalukuyang utang panlabas.

Mamamayang Pilipino ang siyang pinagbabayad. Sa pagtalima sa mga atas ng IMF at WB, nagpapatupad ang rehimeng Marcos ng isang serye ng mga hakbang ng pang-ekonomya, kabilang ang sumusunod: ang tatlong debalwasyon ng piso noong nakaraang taon at ngayong taon; lalong mataas na buwis kasama na ang sa gasolina at iba pang produktong langis; mas mataas na tantos ng interes sa mga pautang ng mga bangko; pagtitipid ng gubyerno na tiyak na aapekto sa mga lean para sa edukasyon at serbisyong pangkalusugan; mas malaking singil sa tubig, kuryente, telepono at irigasyon; pag-aalis sa mga taripa at pagpapadali sa pagpasok ng mga kalakal mula sa mga imperyalistang bayan; bago at mas malaking insentiba para sa pagpasok pa ng dayuhang pamumuhunan (kasama na ang pagpapanatiling napakababa ng minimum na pasahod); at marami pang iba.

Maraming kahawig na mga halimbawa sa iba pang mga atrasadong bayang lubog sa utang sa IMF, WB at pribadong mga bangkong imperyalista.

Habang inuutusan silang bawasan ang mga taripa para payagan ang halos walang

limitasyong pagpasok ng mga imperyalistang kalakal at pamumuhunan, kinailangang bawasan nang 50 porsyento ng Brasil ang pag-eksport nito ng asero (steel) dahil sa pataksran ng US na proteksyunan ang sarili nitong industriya ng asero.

Ang walang rendang pag-uuwi ng imperyalistang mga korporasyong transnasyonal (TNCs) ng ganansya sa sari-sariling bayan--isang malawakang iniaalok ng atrasadong mga bayan para sa pagpasok ng dayuhang pamumuhunan--ay lalo lamang nagpapalala sa mga problema sa BOP ng mga atrasadong bayang ito. Halimbawa, $3.6 bilyon ang depisit sa BOP ng Mexico noong 1982. Halos kalahati nito (47 porsyento) ay katumbas ng mga ganansya ng mga TNC na iniuwi sa kani-kanilang bayan.

Ang nakakainsulto pa rito, ang kalakhan ng ipinupuhunan ng mga TNC sa kanilang mga operasyon ay kinukuha nila sa loob mismo ng mga atrasadong bayan, at inaagawan pa ng kailangang pondo ang lokal na ekonomya. Mula 1960 hanggang 1970, halimbawa, ang 78 porsyento ng kapital para sa operasyon ng mga TNC ng US sa Amerikang Latina ay kinuha mismo sa mga bayang atrasado roon.

Ang napakataas na tantos ng interes sa pagpapautang ng mga bangkong lokal sa mga bayang atrasado, bagay na iniutos din ng IMF, ay nagkakait sa mga lokal na ekonomye ng pondong kinakailangan para isulong ang pagpapaunlad. Noong 1982, umabot sa 45 porsyento ang taunang interes sa Turkey. Sa Chile, umakyat ito sa 50 porsyento. Naglalaro naman sa 250 hanggang 300 porsyento ang tantos ng taunang interes sa Argentina noong 1983. Sa Pilipinas naman, ito ay mula 50 porsyento taun-taon hanggang 1 porsyento bawat araw.

At kahit humahagibis nang 560 porsyento ang tantos ng implasyon sa Argentina, sa utos ng mga imperyalista ay 6 na porsyento lang ang itinaas sa lokal na pasahod.

At habang ang mga pautang ng IMF ay tutulong umano sa paglulutas sa problema sa BOP ng mga bansang nangungutang, ang resulta'y kabaligtaran nito; lumalala ang problema. Halimbawa ang Brazil. Matapos nitong sundin ang mga kundisyon ng IMF noong 1983, nagkaroon na naman ng $6-bilyong depisit sa BOP. Nangutang na naman sa makausurang tantos ng interes, at higit na lumaki ang pasaning utang na ngayon ay mahigit na sa $93 bilyon. Ganito rin ang nangyari sa Pilipinas sa ilalim ng paghahari ng diktador ng pangkating US-Marcos: mangutang, magkadepisit sa BOP, mangutang muli, magkadepisit muli. Aniso'y walang katapusan ang prosesong ito.

Kontradiksyon

Kung di pwedeng lagi na lang nakapaglalagaring-Hapon ang imperyalismo, ibig sabihin, kumakabig sa magkabilang direksyon. Hinahabol ito ng batas ng kontradiksyon sa maraming lugar sa daigdig. Sa isang banda, gusto nitong patuloy na makapagsamantala sa atrasadong mga bayan at panatilihin silang mga galamay lamang ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Sa kabilang banda, ang walang habas na pagsasamantala nito sa mga bayang atrasado, at ang pagsasamantala rin ng mga lokal na uring papet, ay nagpapalagablab ng mga kilusan sa pambansang paggpapalaya ng mga sambayanan sa mga bayang ito. At ang mga kilusang ito ay nagsusuportahan sa iba't ibang paraan sa pagbubunsod ng kanilang mga anti-imperyalistang pakikibaka sa buong mundo.

Sa Pilipinas, ang naunang mga tagubilin ng IMF, na maluwag at masunuring tinanggap ng rehimeng Marcos, ay nagpabilis sa paglala ng krisis sa ekonomya. Pinalalala naman araw-araw ng kasalukuyang mga impesisyon ang krisis. Pinalalala pa ng pang-ekonomyang krisis ang pampulitikang krisis.

Mawawakasan ng darating na tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyong pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kontrol ng IMF at iba pang dominasyong imperyalista sa ating bayan at mamamayan. Sa kanilang mga pakikibaka, nakikipagkaisa ang sambayanang Pilipino sa iba pang mga sambayanan ng daigdig na pinagsasamantalahan at kinokontrol ng imperyalismo. ●

---

*Sa nakalimbing pautang ng IMF, na opisyal na tinatawag na "extended fund facility loan," hulugang ibinibigay ang pera sa nangungutang. Sago ibigay ang pera, ang nangungutang ay kinakailangang magbigay ng detalyadong ulat na nagpapakitang sinusunod ang mga kundisyon ng IMF.

62 riple

Nakasagaw ng 62 malalakas-na riple ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa anim na taktikal na opensibang inilunsad sa Mindanaw at Sikol noong Mayo-Hunyo. Sa mga opensibang ito, napatay ang di bababa sa 39 na pasistang tropa, nasugatan ang lima at nabihag ang dalawa pa.

Sa Mindanaw, sinalakay ng mga Pulang gerilya ang himpilan ng PC-INP at munisipyo ng San Agustin, Surigao del Sur noong Mayo 23. Matapos ang apat na oras na labanan, umatras ang mga Pulang gerilya na dala-dala ang nakumpiskang walong M16, 14 na karbin, isang BAR at maraming bala. Pagkatapos ng limang araw, sa probinsya ring ito, inambus ng isa pang yunit ng BHB ang anim-katao'ng tropa ng Philippine Army (PA) sa lulan ng dyip. Nagaw'a sa mga pasista ang limang M16.

Nalipol noong Mayo 10 sa isang ambus sa Lagonglong, Misamis Oriental, ang 10-katao'ng pwersa ng PC at nasamsam ng mga Pulang gerilya ang 10 M16. Anim pang riple (1 M16, 1 M2, at 4 na Garand) ang nasagaw ng BHB matapos atakihin at mapatay ang 8-katao'ng yunit ng CHDF sa isang baryo ng Lapuyan, Zamboanga del Sur, noong Mayo 5.

Sa Sikol naman, dinurog ng hukbong bayan sa isang ambus ang 14-katao'ng tropa ng PC-INP-CHDF sa Camalig, Albay, noong Hunyo 2. Patay ang 12 kaaway at sumuko ang dalawa pa. Nasamsam dito ang 10 M16 at isang M203. Nauna rito, inambus ng isa pang yunit ng BHB ang 7-katao'ng pwersa ng INP-CHDF sa Calabanga, Camarines Sur, noong Mayo 14. Anim na M16 at isang tipleng Garand ang nagaw'a ng BHB. ●

Paruso

Sinalakay noong Mayo 9 ng mga yunit ng BHB ang Northeastern Agro-Industrial Corporation na may 5,000-ektaryang plantasyon ng kakaw sa Prosperidad, Agusan del Sur. Pag-aari ito ni Eduardo "Danding" Cojuangco, isa sa pinakamalaking burgesyang-kumprador na kaanib sa pangkating Marcos.

Sabay-sabay na nilusob at kinontrol ng mga Pulang gerilya ang upisina, lagakan ng mga kasangkapan at sasakyan, pati "nursery" ng korporasyon. Dinisarmahan muna ng mga Pulang gerilya ang mga gwardya nitong mga elemento ng "Lost Command" at pinatusahan ang kilalang may utang na dugo sa mamamayan. Kinumpiska rin ang mga tasil ng mga gwardya (hindi pa natiyak ang bilang ng nakumpiska). Bago sila umatras, winasak ng mga gerilya ang 34 na sasakyan at iba pang ari-arian ng korporasyon na tinatayang nagkakahalaga ng ₱75 milyon.

Ang lupain ng korporasyon ay dating binubungkal ng mahigit sa 400 pamilyang magsasaka. Pwersahang pinalayas sila ni Cojuangco, matapos itong bigyan ng pasistang diktador na si Marcos ng "special patent" noong Setyembre 1981. ●

Aksyong masa

Tumitindi ang pandarahas ng rehimeng Marcos sa mga aksyong masang antidiktadura. Lalo namang nag-iibayo ang galit ng mga mamamayan at aktibo na silang dumidipensa upang maisulong ang mga ipinaglalaban.

Nagrali ang may 30,000 mamamayan sa Liwasang Bonifacio sa Maynila upang idaos ang Kongresong Bayan kasabay ng pagbubukas ng Batasang Pambansa noong Hulyo 23. Ang rali ay winasak ng pinasabog na mga tear gas at smoke grenade mula sa mga pasistang militar. Nagtipong muli ang mga demonstrador, nagmartsa at nagsagawa ng raling indignasyon sa simbahang Santo Domingo sa Quezon City.

Nagraling muli noong Hulyo 26 sa Liwasang Bonifacio ang may 5,000 bilang protesta sa nakaraang karahasan. Hinarang sila ng pasistang militar kaya umatras at nagmartsa tungo sa kalapit na Plaza Miranda. Pagtawid ng Quezon Bridge, binaha'an sila ng tear gas at marami ang naisaktan, kabilang ang mga tagamasid. Nagtipong muli ang mga demonstrador: isang grupo ang nagtuloy sa kanugnog na Manila City Hall, at ang may 1,300 ay nagdaos ng raling indignasyon sa Plaza Miranda.

Libu-libong manggagawa ang nagbalak magdemonstrasyon sa Liwasang Bonifacio noong Agosto 13, ika-31 kaarawan ng kanilang yumaong lider na si Felixberto Olalia, Sr. Patungo pa lang sa nasabing lugar mula sa iba't ibang pinagtipunan, sinalubong na sila ng tubig mula sa trak ng bumbero, mga batuta at tear gas ng pasistang militar. Dumipensa ang mga manggagawa at sa labanan ay naisakatan ang marami sa magkabilang panig. ●

Masmidya

Pumirma sa isang resolusyon kamakailan ang 296 reporter, editor, kolumnista, manunulat at potograper na tumutuligsa sa paniniil sa kalayaan sa pamahayagan sa ilalim ng pasistang diktadura.

Tinukoy nila ang sunud-sunod na pagdedemanda sa kaso ng libel ng mga pinuno ng rehimeng Marcos, ang Presidential Decree 1834 na nagpapataw ng parusang kamatayan o pagkabilanggong habambuhay para sa "ilegal na gamit ng mga publikasyon." panamakot sa mga peryodista, at pagtanggi (blacklisting) sa mga manunulat sa panig ng mga publikasyong natatakot sa kasong libel.

Ang pinakahuli sa mga asuntong ganito ay humihingi ng ₱220-milyong danyos perwisyos (damages) mula sa magasing Panorama. Ibinatay ang asunto sa ipinahayag na interbyu na nagsasangkot kina Hen. Fabian Ver at Eduardo Cojuangco sa asasinasyon kay dating Senador Benigno Aquino, Jr.

Sinabi ng mga pumirma sa resolusyon, na kinabibilangan ng mga editor at reporter ng kontroladong mass media, na ang mga asuntong ito ay panliligalig na pagsasanyong ligal, para ailin ang pagpaport o pagkukumentaryo sa mga isyung may kabuluhan sa publiko.

Marami nang peryodista ang nalilitigeg, ikinukulong at pinapatay pa ng rehimen. Kabilang sa mga naiharap ng libel sina Mauro Avena, Domini Torrevillas-Suarez, Ceres Doyo at Isidoro Chamnag; sa mga "inimbitahan" para sa interogasyon, ang mga myembro ng Women in Media Now; sa mga natanggal sa trabaho, sina Letty Jimenez-Magsanoc at Ben Rodriguez; sa garapalang minamanmanan ng mga ispyang militar, si Roberto Coloma; sa mga ibinilanggo, ang istap ng We Forum at sina Rommel Corro, Antonio Ma. Nieva at Sator Ocampo; at sa mga pinatay, sina Henry Romero at Demy Dingcong. ●

INTERNASYONAL

Britain

Naglunsad ng pangkalahatang welga ang mga manggagawa sa mga daungan ng Britain noong Hulyo 10 bilang suporta sa welga ng mga minero (Ang Bayan, Abril at Hunyo 1984). Partikular na kahilingan ng welga sa mga daungan ang pagpapatigil sa paggamit ng mga di kasapi ng unyon sa paghahakot ng mga hilaw na bakal tungo sa mga gawaan ng bakal sa bansa. Naparalisa ng welga ang 76 daungan at sa kalahata'y ang 70 porsyento ng luwag at angkat na kalakalan ng Britain.

Samantala, pumasok na sa pang-anim na buwan ngayong Agosto ang welga ng mga minero. Nagdemonstrasyon sa London nitong Agosto 11 ang 10,000 kababaihan na karamiha'y asawa ng mga nagwewelgang minero bilang suporta sa welga. Hinihingi rin nila ang halagang $63 milyon na sahod ng mga manggagawa sa buong panahon ng welga. ●

PANGKALAHATANG WELGA ang tugon ng manggagawang Bolivian sa krisis.



Bolivia

Libu-libong manggagawa sa pabrika, minahan, bangko't iba pang upisina, at mga [illegible] ang nagsasagawa ng pambansang pangkalahatang welga sa Bolivia simula nang unang linggo ng Hulyo.

Ipinaglalaban nilang ibaba ang presyo ng mga bilihin, itaas ang sahod, at kontrolin ang mga dayong pangkang komersyal. Tugon ito sa krisis ng bansa na kinatampukan ng 500 porsyentong pagtaas ng presyo ng mga bilihin at 75 porsyentong pagbaba ng halaga ng piso noon. ●

Bangladesh

Isang pambansang pangkalahatang welga na isinasagawa ng mga peryodista at manggagawa sa pahayagan sa Bangladesh, Timog Asya, ang nagpatigil sa mahigit 50 dyaryo at dalawang ahensya sa pagbabalita simula pa noong Hulyo 11. Ipinaglalaban ng mga welgista ang 33 porsyentong dagdag sa sahod at iba pang benepisyo.

Tumatanggi naman ang mga may-ari ng pahayagan sa pagdagdag ng sahod dahil sa hindi rin tinutugunan ng gubyerno ang kahilingan nilang ibaba ang presyo ng papel sa dyaryo (newsprint) at pagbibigay ng mga benepisyong pinansyal upang matugunan ang mataas na gastos sa produksyon. ●

Hindi produktibidad

Sa artikulong "IMPLASYON: Responsibilidad ng US, nina Marcos" sa isyu ng ANG BAYAN ng Hunyo, depektibo ang pangungusap na "tumutungo ang lahat ng ito (lubusang pagbubukas sa dayuhang pamumuhunan) sa pagkawas sa produktibidad..." Hindi ang produktibidad ang nababawasan; napapababa ang antas ng produksyon.

Ka Nene

Tama si Ka Nene. Nadulas kami.

Sumpa

Nabasa ko sa bagong teksto ng Batayang Kurso ng Partido ang isang bahagi ng sumpa ng mga kasapi ng Partido, na nagsasabing "pangangalagaan ang siguridad ng Partido at lahat ng aking kasama buhay ko man ang ipalit," at di malinaw sa akin kung nakaligtaan lang ba ang dugtong na "kung kinakailangan" sa dating tekstong "buhay ko man ay ialay, kung kinakailangan"" o upisyal nang binago ang sumpa na bahagi ng ating konstitusyon. Sa palagay ko'y mahalaga ang dugtong na inalis at kasama iyon sa sarili kong sinumpaan noon. Di man ito sa AB lumabas, hinihingi ko sana ang tulong ninyo na magkamit ng kalinawan sa bagay na ito.

Ka Risa

Naitanong ito noon sa isang responsableng kasama sa kawanihan sa Pagsasalin. Aniya'y inatasan sila ng nakatataas na organo na gumawa ng mga bagong pagsasalin ng ating mga batayang dokumento at babasahin. Ito ay sa diwa ng pagpapasimple sa lenggwahe--nang walang binabago sa nilalaman--ng mga ito. (Narami-rami rin namang mga kasama ang hindi pa nakakagamay sa Pilipino, tulad ng mga nasa Hilagang Luson at iba't ibang bahagi ng Mindanaw). Ayon sa kasamang napagtanungan namin, ang "kung kinakailangan" ay sakop na ng salitang "man" sa "buhay ko man ay ipalit." Wala raw nawala sa nilalaman. Ano kaya ang tingin ng iba pang mga kasama?

* * *